



Ang palliative care [palyatibong pangangalaga] ay nagpapabuti sa kalidad ng buhay

Kung may karamdaman kang nagtatakda ng taning sa iyong buhay, hindi kailanman masyadong maaga pa para paghandaan ang iyong pangangalaga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa palliative care, bumisita sa:



health.gov.au/palliative-care

Ang maagang pagbibigay ng palliative care ay nagdudulot ng mas mabuting kalusugan ng isip at kaginhawaan para sa mga taong may karamdamang nagtatakda ng taning sa kanilang buhay at sa kanilang mga pamilya.

Kung mayroon kang karamdamang nagtatakda ng taning sa buhay, makatutulong ang palliative care upang ganap kang makapamuhay nang kumportable hangga't maaari.

Ang palliative care ay:

- kinabibilangan ng pangangalagang pisikal, sikolohikal, emosyonal, medikal, kultural, at espiritwal
- maaaring ibigay sa iba't ibang lugar, kabilang ang iyong tahanan, isang bahay-alagaan, ospital, hospisyo, o yunit para sa palliative care
- kinabibilangan din ng suporta para sa pamilya at mga tagapag-alaga.

Hindi kailanman masyadong maaga para paghandaan ang iyong pangangalaga.

Makakatulong ang maagang pag-uusap tungkol sa pangangalaga sa end-of-life [katapusan ng buhay] upang mapagplanuhan mo ang iyong pangangalaga:

- Pag-isipan ang iyong mga pinahahalagahan at mga kagustuhan, at ipaalam ang iyong mga kahilingan sa iyong mga mahal sa buhay
- Gumawa ng Advance Care Plan [Plano sa Maagang Pangangalaga] upang maipaalam at igalang ang iyong mga kagustuhan sa pangangalagang pangkalusugan kung sakaling hindi mo na ito kayang ipahayag.

Kung mayroon kang karamdamang nagtatakda ng taning sa buhay,

makipag-usap sa iyong GP [doktor] tungkol sa mga opsyon para sa palliative care.